Gifu Prefectural Announcement Hulyo 3, 2019 (Miy.)

Alerto: Health Food na Naglalaman ng Sangkap Parmasyutiko

医薬品成分を含有する健康食品に注意

Isinagawa ang pagsusuri sa ‘functional food’ na pinaghihinalaang naglalaman ng mga sangkap parmasyutiko, at dalawang sangkap (sibutramine at phenolphthalein) ang nakita.

Ang mga ‘functional foods’ na mayroong sangkap parmasyutiko ay itinuturing na mga gamot. Ipinagbabawal ang paggawa at pagbenta ng mga ito nang walang pahintulot mula sa Minister of Health, Labor and Welfare alinsunod sa batas- “Act on Ensuring Quality, Efficacy and Safety of Pharmaceuticals, Medical Devices, and the like”.

Product Overview

(1) Brand Name: Golean DETOX
(2) F o r m : Capsule
(3) Appearance: Ang aktwal na larawan ay nakalakip sa ibang papel
(4) Para sa inyong impormasyon:
May ‘9mg ng Sibutramine’ at ‘30mg ng Phenolphthalein’ sa loob ng isang capsule ng produktong ito.

- Sibutramine- May ibang mga bansa na nagapruba nito bilang ‘gamot’. Ngunit sa Japan, hindi ito naaprubahan bilang ‘gamot’.
  Gamit: Gamot sa obesity
  Side effects: pagtaas ng presyon ng dugo, pagbilis ng tibok ng puso, pagsakit ng ulo, dry mouth, constipation, rhinitis, atbp.
- Phenolphthalein- Isang pH indicator na nagiging kulay pula sa base solution. Ginamit ito na gamot (laxative) noon. Ngunit, ngayon, hindi na ito ginagamit bilang gamot dahil maaaring magdulot ito ng cancer at iba pang sakit.

Abiso sa mga Residente ng Prepektura:

Kahit na sa prepektura, may ulat ng pinsala sa kalusugan (pagtaas ng presyon ng dugo, pagbilis ng tibok ng puso, pagka-uhaw, panghihina, pagduduwal) na tila sanhi ng ganitong functional food. Ang nag-ulat nito ay kumunsulta sa institusyong medical.

Para sa mga taong gumagamit ng produktong ito, agad na tigilan ang pag-inom nito. Kumonsulta agad sa doktor kung may nararamdamang masamang epekto sa kalusugan.

【Larawan ng Produkto】
Lalagyan na kahon

Balot ng produkto

Capsule